



nystateofhealth.ny.gov | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220 | health.ny.gov/medicaid

Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa Medicaid ayon sa aking kita at mga mapagkukunan?

Ipinapakita ng talaan sa ibaba kung magkano ang kitang maaari mong matanggap kada taon upang maging kwalipikado pa rin para sa Medicaid.* Nakabatay ang mga antas ng kita sa kung ilang miyembro ng pamilya ang naninirahan kasama mo.

Mga Taunang Antas ng Kita para sa 2023				
Laki ng Sambahayan	Magulang/Mga Tagapag-alaga o Mga Magkaparehang Hindi Kasal at Walang Anak o Mga Nasa Hustong Gulang na may edad na 19 at 20 taong gulang na hindi naninirahan kasama ang mga magulang	Mga Bata Edad 1 - 18	Mga nasa hustong gulang na may edad na 19 at 20 taong gulang na naninirahan kasama ang mga magulang	Mga Buntis, Mga Sanggol na Wala Pang 1 Taong Gulang, o Mga Indibidwal na Kwalipikado para sa Mga Benepisyo sa Pagpapalano ng Pamilya
	138% ng FPL	154% ng FPL	155% ng FPL	223% ng FPL
1	\$20,121	\$22,454	\$22,599	\$32,514
2	\$27,214	\$30,369	\$30,566	\$43,976
3	\$34,307	\$38,285	\$38,533	\$55,438
4	\$41,400	\$46,200	\$46,500	\$66,900
5	\$48,494	\$54,116	\$54,467	\$78,363
6	\$55,587	\$62,032	\$62,434	\$89,825
7	\$62,680	\$69,947	\$70,401	\$101,287
8	\$69,773	\$77,863	\$78,369	\$112,749
9	\$76,867	\$85,779	\$86,336	\$124,211
10	\$83,960	\$93,694	\$94,303	\$135,674
Karagdagang Tao	\$7,094	\$7,916	\$7,967	\$11,463

*Batay sa Federal Poverty Levels (FPL, Mga Pederal na Antas ng Kahirapan) sa 2023. Maaaring isaayos ang Mga Antas ng Kita kada taon ayon sa mga pagbabago sa FPL.

Magkano ang gagastusin sa Medicaid?

Mga Buwanang Premium: Walang buwanang premium para sa Medicaid.

Cost Sharing (Hatian sa Gastusin): Kinakailangang magbayad ng maliit na co-pay para sa ilang partikular na serbisyo sa ilalim ng Medicaid, ngunit may ilang pagkakataon kung kailan hindi kailangan ng co-pay.

Ang pinakamalaking maaari mong gastusin para sa mga co-pay sa ilalim ng Medicaid sa isang taon ay \$200.

Para sa listahan ng Mga Madalas Itanong tungkol sa Medicaid at Mga Sagot dito, pumunta sa: health.ny.gov/medicaid